9

# Activity Sheet sa Filipino 9
# Quarter 2 – MELC 8
# Pag-aantas ng mga Salita Batay sa Tindi ng Emosyon o Damdamin



## REGION VI-KANRURANG VISAYAS

ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino 9**
**Learning Activity Sheet (LAS) 8**
**Unang Edisyon, 2020**

Inilimbag sa Pilipinas
Ng Kagawaran ng Edukasyon,
Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas
Duran St., Iloilo City

Isinasaad ng **Batas Republika 8293, seksiyon 176** na “Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaang naghanda ng gawain kung ito’y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.”

Ang Filipino 8 **Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay inilimbag upang magamit ng mga Paaralan sa Rehiyon 6 - Kanlurang Visayas.

**Walang bahagi ng aklat** na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang porma nang walang pahintulot sa Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Learning Activity Sheet - Filipino 9**

**Manunulat:** Jean V. Naga
**Tagaguhit :** Jerome Jordan Z. Ponsica
**Tagalapat :** Eldiardo E. Dela Peña, Antonio O. Rebutada

**Division Quality Assurance Team:**
Diana P. Agupasa, Perly M. Mapa, Cynthia C. Caspe,
Alma J. Villar, Angela Mae D. Lim, Rosie Cabus,
Marie Antoniette T. Villar

**Division of Escalante City Management Team:**
Clarissa G. Zamora., CESO VI
Ermi V. Miranda, PhD
Ivy Joy A. Torres, PhD
Jason R. Alpay
Alicia M. Geroso

**Regional Management Team:**
Ma. Gemma M. Ledesma, CESO V
Josilyn S. Solana
Dr. Elena P. Gonzaga
Mr. Donald T. Genine
Celestino S. Dalumpines IV

**MABUHAY!**

Ang **Filipino 9 Learning Acivity Sheets** na ito ay nabuo sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulungan ng Sangay ng Lungsod ng Bacolod sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6- Kanlurang Visayas at sa pakikipag-ugnayan ng Curriculum and Learning Management Division. Inihanda ito upang maging gabay ng learning facilitator, na matulungan ang ating mga mag-aaral na makamtan ang mga inaasahang kompetensi na inilaan ng Kurikulum ng K to 12.

Layunin ng LAS na ito na gabayan ang mga mag-aaral na mapagtagumpayan nilang masagot ang mga nakahanay na mga gawain ayon sa kani-kanilang kakayahan at laang oras. Ito ay naglalayon ding makalinang ng isang buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang na literasi habang isinasaalang-alang ang kani-kanilang pangangailangan at sitwasyon.

**Para sa mga learning facilitator:**

Ang **Filipino 9 Learning Acivity Sheet** na ito ay binuo upang matugunan ang pangangailangan ng ating mga mag-aaral sa larang ng edukasyon, na patuloy ang kanilang pagkatuto kahit na sila ay nasa kani-kanilang mga tahanan o saan mang bahagi ng learning center sa kanilang komunidad.

**Para sa mga mag-aaral:**

Ang **Filipino 9 Learning Acitivity Sheet** na ito ay binuo upang matulungan ka, na mapatuloy ang iyong pagkatuto kahit wala ka ngayon sa iyong paaralan, pangunahing layunin ng LAS na ito na mabigyan ka ng makahulugan at makabuluhang mga gawain. Bilang aktibong mag-aaral, unawain nang mabuti ang mga panuto nga bawat gawain.

Kuwarter 2, Linggo2

**Learning Activity Sheets (LAS) Blg. 8**

Pangalan:______________________________________________________________
Grado at Seksiyon:______________________Petsa: __________________________

**GAWAING PAMPAGKATUTO SA FILIPINO 9**

**Pag-aantas ng mga Salita Batay sa Tindi ng Emosyon o Damdamin**

## I. Kasanayang Pampagkatuto at Koda

- Naiaantas ang mga salita (clining) batay sa tindi ng emosyon o damdamin . **(F9PT-IIc-46 )**

## II. Panimula (Susing Konsepto)

Sa araling ito ay pag-aralan natin kung paano ang tamang pag-aantas ng mga salita batay sa tindi ng pagkakahulugan ng damdamin o emosyon.

**Ang klino** ay pagpapasidhi ng damdamin na nagpapahayag ng saloobin o emosyon sa paraang papataas ang antas nito. Nagagamit ito sa pamamagitan ng pag-iiba-iba ng mga salitang may ugnayang sinonimo.

- Ito ay pagsasaayos ng kahulugan ng salita ayon sa intensidad o tindi ng kahulugang nais ipahiwatig.

- POOT-( matinding galit na halos gusto nang manakit)
  Halimbawang pangungusap:
  1. Nakikita ko ang **poot** sa kanyang mga mata.
- SUKLAM –(matinding galit sa dibdib na matagal bago mawala)
  Halimbawang pangungusap:
  1. **Kinasusuklaman** niya ang taong nanloloko sa kanya.

- GALIT-(tumatagal na inis)
  Halimbawang pangungusap
  1. Mula pagkabata ay kinamkam niya ang **galit** na nararamdaman para sa kanyang ama.
- INIS- (tumatagal na tampo)
  Halimbawang pangungusap:
  1. **Naiinis** siya dahil hindi tinupad ang pangako sa kanyang magulang na bilhan siya ng bagong sapatos.
- TAMPO-(munting galit na madaling mawala)
  Halimbawang pangungusap:
  1. Ayaw kumain ni Ana dahil tinutukso siya sa kanyang kapatid na lalaki.
- Pikon – ( damdamin ng pagkagalit bunga ng maliit na bagay lamang
  Halimbawang pangungusap:

1. Umalis siya kaagad pagkatapos siyang pagtatawanan ng kanyang mga kaibigan.

Halimbawa sa pag-aantas ng mga salita batay sa tindi ng pagpapakahulugan ng damdamin o emosyon.

| | |
|---|---|
| 3 | 1. INIS |
| 1 | 2.PIKON |
| 6 | 3.POOT |
| 5 | 4.SUKLAM |
| 4 | 5.GALIT |
| 2 | 6.TAMPO |

**III. Mga Sanggunian**


Peralta, Romulo N. et al (2014) Panitikang Asyano – Ikasiyam na Baitang, Modyul ng Mag-aaral sa Filipino 9, Unang Edisyon, Vibal Group
.
Mga Sariling Katha
Naga, Jean V.(2020) **–** *Pangarap,* Hindi Nailathalang talata


**IV.Mga Gawain**

## Gawain 1: PAGPAPASULAT SA NAKAPILIGID NA PALASO

Panuto: Isulat ang mga salitang may matinding emosyon sa palaso na nakapaligid sa bilog.



## Gawain 2: PAGPAPATALA

Panuto:Basahin ang talata at itala ang mga salitang nagpapahayag ng matinding emosyon at iantas ito ayon sa tindi ng pagpapakahulugan.

**Pangarap**

ni: Jean V. Naga

Ibig kong mabuhay sa mundong ito nang napakatagal.Marami pa akong gustong gawin at naisin  na matupad  na mga pangarap sa buhay. Gusto kong puntahan ang mga iba - ibang lugar sa mundo.Mga lugar na may magagandang tanawin. Mga bulaklak na kay ririkit kung tingnan. Kasama ang mga maririlag na ibon na nagliliparan sa ibabaw ng kaulapan.

Sa paglalakbay na ito, maibsan ko lamang ang pananangis na aking nararamdaman ay panatag  na ako. Minsan kasi, gusto ko nang umiyak sa tindi ng hirap sa buhay . Tuwing gabi ,humahagulgol ako sa aking pagtulog dahil sa labis na kalungkutan at sakit na nadarama.

Kaya naman sisikapin kong marating  ang mga lugar o bayan na iyon, Lahat naman ng tao ay may pangarap sa buhay .Nasa atin kung paano natin aabutin ang minimithing pangarap na iyon. Lakas at tibay ng loob ang maging sandata  para makamit ko ang mga ninais ko. Mithiing aking pinanghawakan na ibig kong matupad. Sana nga!

1.____________________
____________________
____________________

2.____________________
____________________
____________________

3. ____________________
____________________
____________________

**Gawain 3: PAGPAPATALA**

Panuto: Iantas ang mga sumusunod na salita batay sa tindi ng pagkakahulugan nito.Lagyan ng bilang 1 ang pinakamababaw at bilang 3 pinakamatinding emosyon.

**1.**
Ngiti __________
Tawa __________
Halakhak __________

**2.**
Gusto _________
Nais _________
Ibig _________

3.
Maliit __________
Makipot __________
Makitid __________

4.
Matayo __________
Mataas __________
matarik __________

5.
Maalinsangan __________
Mabanas __________
Mainit __________

**Tandaan:**

May mga salita tayong ginagamit sa pagpapahayag ng ating mga saloobin o emosyon. Ang mga salitang ito ay may iba-ibang antas at kahulugan. Mahalaga na alam natin ang tamang pag-aantas ng mga salita upang magamit ito nang wasto ayon sa nais nating ipahayag o ipakahulugan.

## V. REPLEKSIYON

Panuto; Sagutin ang tanong sa ibaba:

Ano ang mahalagang kaalaman ang natutuhan mo sa ating aralin?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________.

## VI. SUSI SA PAGWAWASTO

**GAWAIN 1**
1. Galit
2. Poot
3. Masaya
4. Mabaho
5. Paghihimagsik

❖ Maaring magdagdag ng iba pang kasagutan

**GAWAIN 2**
1. ibig ___2___
Ninais ___1___
Gusto ___3___
2. maganda ___1___
Ririkit ___2___
Marilag ___3___
3. pananangis ___2___
Umiiyak ___1___
Humahagulgol ___3___

**Gawain 3**
1. (1,2,3)
2. (3,2,1)
3. (3,1,2)
4. (2,1,3)
5. (3,2,1)

**Iba pang gawain ang pagmamarka ay nakabatay sa rubrik na ibinigay**